# WANT MORE?

## Yaman at Pagkamapagbigay



### WARM-UP

- Ikuwento ang isang bagay na ginawa mo kamakailan lamang upang tulungan ang isang kaibigan? Ano ang nangyari?
- Ano ang isang bagay na binili mo na ilang linggo o buwan mong pinag-ipunan? Bakit gustong-gusto mong makuha ang bagay na ito?
- Ano ang pinakamahal na bagay na ginawa mo para sa isang tao na hindi mo naman gaanong kilala. Ano ang naramdaman mo noong ginawa mo ito?

### WORD

*18 Turuan mo silang gumawa ng mabuti, maging mayaman sa mabubuting gawa, at mapagbigay at matulungin sa kapwa. 19 Sa ganoon, makapag-iipon sila ng kayamanan sa langit na hindi mawawala, at matatamo nila ang tunay na buhay.* **1 TIMOTEO 6:18,19**

Sa kagustuhan natin na maging matalino sa pananalapi, minsan ay nagiging mahigpit ang pagkakahawak natin sa salapi. Subalit, makikita natin sa mga bersong ito na sa ekonomiya ng Diyos, kung mas magbibigay at mas magbabahagi ka ng yaman, mas makaiipon ka ng kayamanan para sa iyong sarili. Nais ng Diyos na gamitin natin ang ating pera bilang kasangkapan upang tayo ay *maging mayaman sa mabubuting gawa* at upang matamo natin ang *tunay na buhay*. Ngayon, sasagutin natin ang tatlong katanungan upang makita natin kung ginagamit ba natin ang ating pera sa paraang nais ng Diyos.

## 1 Paano ba dapat gamitin ang salapi?

*Turuan mo silang gumawa ng mabuti, maging mayaman sa mabubuting gawa, at mapagbigay at matulungin sa kapwa . . .*
**1 TIMOTEO 6:18**

Tayo ay tinawag upang maging *mapagbigay at matulungin* sa pagbabahagi ng mga biyaya ng Diyos sa ating kapwa. Ayon sa 2 Corinto 9:8, may kakayahan ang Diyos na tayo ay pagpalain ng labis upang tayo ay magkaroon ng higit pa sa ating pangangailangan. Dahil dito, *magagawa nating matulungan ang iba*. Tayo ay pinagpapala ng Diyos hindi lamang para sa ating sarili. Ang pagiging mapagbigay ng Diyos ay nagbibigay sa atin ng kakayahan upang maging handang magbigay at tumulong sa ibang tao—at gawin ito nang may kasiyahan. Paano naapektuhan ang buhay mo ng pagiging mapagbigay ng isang tao? Paano ka nahimok ng kabutihang ito upang maging mapagbigay din sa iba?

## 2 Ano ang bunga ng mga mabubuting gawa at ng pagiging mapagbigay?

*Sa ganoon, makapag-iipon sila ng kayamanan sa langit na hindi mawawala . . .* **1 TIMOTEO 6:19**

Kung pipiliin nating maging mapagbigay at ibahagi ang natatanggap nating pagpapala, magagawa nating *makapag-ipon ng kayamanan* para sa ating sarili, at makapagtatatag tayo ng matibay na pundasyon para sa hinaharap. Sinasabi sa Mateo 6:19,20 huwag tayong mag-ipon ng kayamanan para sa ating sarili dito sa mundo dahil madali itong masisira o mananakaw. Sa halip, dapat tayong *mag-ipon ng kayamanan sa langit* kung saan mayroong katiyakan. Higit pa rito, ang ating gantimpala ay hindi lamang sa langit. Ano ang matatanggap natin kung tayo ay magiging mapagbigay? (Lucas 6:38)

## 3 Bakit ka nag-iipon ng yaman?

*Sa ganoon, makapag-iipon sila ng kayamanan sa langit na hindi mawawala, at matatamo nila ang tunay na buhay.* **1 TIMOTEO 6:19**

Upang magamit natin ang pera sa paraang nais ng Diyos, tayo ay dapat na maging handang magbigay. Bagamat mababawasan ang ating pananalapi, ang bersong ito ay nagbibigay sa atin ng katiyakan na kung tayo ay magbibigay at mag-iipon ng kayamanan sa langit, matatamo natin ang *tunay na buhay.* Ayon sa Juan 10:10, si Jesus ay dumating upang tayo ay *magkaroon ng buhay na ganap*. Kapag tayo ay nagbibigay, tayo ay makakatanggap ng masaganang buhay. Ang masaganang buhay na nais ibigay sa atin ng Diyos ay hindi nangangahulugan ng mas maraming pera kundi pamumuhay sa piling ni Jesus. Ayon sa Mga Taga-Efeso 3:20, ano ang kayang gawin ng Diyos para sa atin?

## APPLICATION

- Binigyan tayo ng Diyos ng masaganang buhay. Paano nabago ng kaalamang ito ang pamumuhay mo?
- Kilalanin ang isang pangangailangan sa iyong komunidad. Paano mo maipapakita ang pagiging mapagbigay sa pagtugon dito?
- Ano ang maaari mong gawin ngayong linggo upang hikayatin ang isang tao na maging mapagbigay?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagpapadala kay Jesus upang bigyan tayo ng buhay na ganap. Ipanalangin na patuloy kang mamumuhay sa Kanya.
- Hingin sa Diyos kung paano ka magiging mapagbigay sa iyong pamilya at mga kaibigan. Ipanalangin na sa pamamagitan nito, matulungan mo silang sumunod kay Jesus.
- Ipanalangin ang mga taong nangangailangan sa iyong campus o kumunidad. Ipanalangin na magkaroon ka ng karunungan at katapangan na ipakita ang pagmamahal ng Diyos sa kanila.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2019 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph